

Santa Clara Valley Transportation Authority

TALAAN NG IMPORMASYON: Pagpapaunlad na Nakatuon sa Transit - Branham Station

Pangkalahatang Ideya

Ang Transit-Oriented Development site ng Branham Station ay isang 2.5 ektaryang ari-arian na matatagpuan sa Branham Lane at Narvaez Avenue, sa kanluran ng SR-87 sa San Jose. Ang ari-ariang ito ay nagsisilbi bilang Park & Ride na lote para sa mga pasahero ng light rail. Kasalukuyang siniserbisyuhan ang Branham Station ang Blue Line ng VTA light rail.

Nakipagpartner ang VTA sa Charities Housing, isang nonprofit developer, upang magtayo ng proyektong pabahay na abot-kaya para sa pagmamay-ari, na binubuo ng 45 townhome na may tatlo at apat na townhomes sa ilalim ng pangmatagalang pag-upa ng lupa. Isasama rin sa proyekto ang ilang pagpapabuti sa akses patungo sa istasyon.

Nakipagpartner ang VTA sa Office of Supportive Housing ng Santa Clara County para sa proyektong ito. Pinangangasiwaan ng Office of Supportive Housing ang Affordable Housing Bond ng 2016 Measure A. Pinasisigla ng pakikipagpartner na ito ang pagpapaunlad ng abot-kayang pabahay sa lugar na ito.

Pagpapaunlad na Nakatuon sa Transit

Ang Transit-Oriented Development (TOD) Program ng VTA ay nakikipagtulungan sa munisipyo, sa non-profit at mga pribadong kapartner upang pasiglahin ang pagpapaunlad ng pabahay, tindahan, at mga sentro ng trabaho sa mga lugar na makakatulong sa pagdami ng sumasakay sa transit na siya namang makakadagdag sa sigla ng komunidad. Kasama sa Transit Oriented Communities Policy ng VTA ang Affordable Housing Policy, na humihiling na 25% ng pabahay sa site ay dapat na abot-kaya at hindi bababa sa kalahati ng mga abot-kayang unit ay para sa mga samabahayang pinakamababa ng kita at napakababa ng kita.

Mga Layunin

- Ihanda ang site para sa Transit-Oriented Development sa hinaharap, na magsisimula sa pakikipag- ugnayan ng komunidad
- Humimok ng pagpapaunlad, kasama na ang mga opurtunidad para sa murang pabahay na malapit sa transportasyon
- Nagsusulong ng disenyong pang-urban na nagpapaganda ng bangketa para madali itong lakaran, ma-access ng bike, at pag-uugnay sa transit
- Nagdaragdag sa pangmatagalang buwis para sa mga operasyon ng transit

Mga Resulta

- Mga pabahay at trabahong malapit sa mga sentro ng transit
- Mas malinis na hangin at mas mababang pagbuga ng greenhouse gas
- Maluwag ang daloy ng trapiko
- Pagdami ng mga sumasakay sa pampublikong transit
- Nadagdagan ang publikong sumasakay sa transit

Mga benepisyo

- Natugunan ang pangangailangan sa pabahay — nakakatulong upang matugunan ang mga krisis sa panrehiyong pabahay
- Mga pakinabang sa kapaligiran at pampublikong kalusugan
- Nabawasan ang pagiging umaasa sa sasakyan - ang mga residente sa TOD ay may mas kakaunting pangangailangan sa paradahan
- Pagiging nakikipagsabayang pang-ekonomiya — ang mga lokasyon ng TOD ay kaakit-akit sa mga employer
- Mga pakinabang sa pamayanan at sa piskal – nakakagawa ang TOD ng malaking katipiran sa sambahayan (ang mga taong nakatira malapit sa transit ay gumugugol ng mas kaunti sa mga gastos sa transportasyon)

Cronograma de proyecto/desarrollo

Mga Kailangang Pag-aasikaso Bago ang Pagpapaunlad	2021-2022
Pag-aaral sa Pag-access sa Istasyon	2022-2023
Pumili ng Developer	2024
Aayusin ng Developer ang mga Proyekto sa pamamagitan ng Opinyon ng Komunidad	2024-2025
Pananalapi at mga Permit ng Lungsod	2025-2026
Konstruksyon	2026-2029

Paano Makikipag-ugnayan sa Amin

VTA Community Outreach
(408) 321-7575, (408) 321-2330 TTY
vta.org/branhamdevelopment
community.outreach@vta.org